



MAGKA-ISA Fukushima

~ Voices from Fukushima ~



4 na taon at 8 na buwan na ang nakalilipas ng maganap ang malakas na lindol sa silangang bahagi ng Hapon at ang aksidenteng pag sabog ng Fukushima Daiichi Istasyon ng Planta ng Enerhiyang Nukleyar. Sa Prepektura ng Fukushima hanggang ngayon ay may isang daang libong (100,000) Katao parin ang naninirahan sa pasamantalang tirahan. At ang gobyerno ay nag susumikap na mapamunbalik ng pamumuhay ng publiko, nagsusumikap din sa pag sasaayos ng mga aparatos o mga kagamitan para makabagon sa mga suliranin sa kapaligiran, mga pagamutan at ang mga pasilidad para sa mga kapakanang pampubliko para sa makabago at masaganang hinaharap.

Sa Pandaigdigang Asosasyon Fukushima (FIA), ay gumawa ng libreng pahayagan tulad ng Gyro, edisyon para sa sakuna at ang Haway Kamay matapos maganap ang malakas na lindol. Para ipaabot at ipaalam sa mga mamamayan ang kasalukuyang kalagayan ng Fukushima, ang mga aktibidadis na isinasagawa ng asosasyon at ang tinig ng mga dayuhang naninirahan dito.

※Puwede po ninyong idown load sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, Tagalog, Portuguese, at Koreano sa homepage ng FIA.



Senaryo sa Fukushima

Ang pagpapatupad ng Study Tour para sa komunidad ng mga dayuhan

Noong Oktobre 25, (linggo) isinagawa ng Pandaigdigang Asosasyon ng Fukushima ang Study Tour sa lunsod ng Sendai. Ang mga naninirahang dayuhan sa iba't-ibang distrito ng Miyagi na puno ng kanya kanyang komunidad na may dalawanpung katao ang nagsidalo. Sa bandang umaga ay bumisita sa ginaganap na festival 「Sendai Earth Festival」 sa Sendai Kokusai Center. Inobserbahan ang mga booths at stage performances ng mga dayuhan pati ang pagpapakilala sa mga aktibidadis na gaganapin at ginamitan ng display panel. Sa bandang hapon naman ay nakinig sa panayam ng dalawang dayuhang naninirahan sa prepektura ng Miyagi kung papaano itaguyod ang samahan ng isang grupo. Tinig buhat sa mga nagsidalo ay marami silang natutunan sa pag bisita sa iba't- ibang grupo maliban sa lugar na kanilang kinlalagyan at ng mapanuod ang mga aktibidadis na isinasagawa dito.



Mga nagsidalo ng Study Tour



Kuha ng mga Kabataan ng Fukushima ng bumisita sa Kolehiyo ng Korea probinsya ng Cheonju

Fukukan Net 「Fukushima Korea Youth Exchange Program」

Ngayong taon ay tumatapat sa ika limampung taon (50) anibersaryo ng manormalisa ang diplomasyang relasyon ng bansang Hapon at Koreano. Ang Fukukan Net na inilunsad ng NPO ay ay nakatanggap ng pundo galing sa Japan-Korea Cultural Exchange Foundation para isagawa ang Fukushima Korea Youth Exchange Program. Noong nakaraang Hulyo 29 Miyerkules ang 166 mga kabataang Koreano ay bimisita sa Fukushima at Tokyo ng 10 araw. At noong ika labing-walo Septyembre (Biyernes) ay walumpung kabataan(80) ng Fukushima ang bumisita ng limang araw sa probinsya ng Cheonju Korea . At ito ang pinakamatagumpay na programang naganap para sa palitang kultura ng dalawang bansa.

Noong ika- labing dalawa ng Oktobre Sabado, ay inilunsad ang pulong pang impormasyon na ginanap sa lunsod ng Fukushima. Ang mga partisipante ng nasabing programa ay nag-ulat ng kanilang naranasan at ipinaalam ang kanilang matinding pag hahangad para mapayaman ang parehong kaalaman at pagkakaunawaan sa pagitan ng Hapon at Korea.

Impormasyon para sa pag uumpisa ng Monitoring Radioactive Materials sa iba't- ibang wika

Inumpisahan ngayong taon ng taglagas, Ang Fukushima Shinhatsubai: Towards a new future of Fukushima website ay matatagpuan sa website ng Prepektura ng Fukushima ito ay naghahandog ng impormasyon para sa monitoring sa radioactive materials sa iba't-ibang wika kasama na ang ingles. Ang mga impormasyon para sa resulta ng pag iinspeksyon ng radioactive materials na nakuha sa produkto ng agricultura at mangingisda na gawa at huli sa Fukushima ay ibabalita sa madla. Sa wikang Hapon at Ingles at may wikang Italyano, Intsik, Koreano din .Ang mga mamamayan ay bibigyan ng karapatang tingnan ang mga nakatala sa bawat kalakal buhat sa iba't-ibang industriya na magiging eksklusibo sa araw na anihin o hulihin, kung saan galing, ay may mapa na nakahanda para alamin ang lugar. Ang adhikain nito ay ipaalam ang tunay at tapat na impormasyon at pag iinspeksyon na ginagawa dito sa Fukushima para sa buong mundo ma dayuhan man o sariling mamamayan.




「Fukushima Shinhatsubai」 HP
(<http://www.new-fukushima.jp/>)



Tinig ng mga naninihan sa Fukushima

Alison Lam (Galing Australia, naninirahan ngayon sa lunsod ng Fukushima)

Noong taon ng 2011 araw ng tag-init ako ay naging isang ALT (Assistant Language Teacher) at kasalukuyang nagtuturo sa elementarya at juniour high school dito sa lunsod. Noong kadarating ko lang dito sa Hapon ay natama namang katatapos lang ng malakas na lindol at sa kaibahan ng kultura sa pamumuhay ay nakaramdam ako ng kaunting kalungkutan. Ngunit dahil sa mabagal na pagtakbo ng oras dito sa Fukushima ay naramdaman ko na nababagay sa akin ang atmospera at ngayon ay komportable akong na mumuhay dito. Ako ay walang masyadong karunungan kung papaano humarap kapagka naganap ang natural na sakuna kumpara sa ibang mga dayuhan na nasa paligid ko. Halimbawa ay nang umulan ng malakas noong nakaraang araw, kahit na may impormasyon na na mag ebakuwet ay balewala lang sa akin at hindi man ako nag aalala. Kung saka sakaling mag karoon man ng di inaasahang pang yayari ay gusto kung matanggap ang tamang impormasyon at gumalaw sa mapayapang pamamaraan.




Mudathir Bakhit (Galing Sudan, naninirahan ngayon sa lunsod ng Fukushima)



Ako ay dumating dito sa Fukushima noong nakaraang Septyembre 2015, at ngayon ay nagtrabaho sa Fukushima Prepektural Medical School bilang isang interno ng mediko. Wala naman akong pinag-aalala sa aking pamumuhay dito sa Fukushima maging sa pang-araw araw kung trabaho para sa kinabukasan. Sa pinagtrabahuan ko ay wikang Ingles ang ginagamit na salita, kaya di ako nahihirapang makipag-usap. Ngunit sa pang araw araw kung pamumuhay nararamdaman ko ang kahalagahan ng iba na iyong marunong ka ng wikang Hapon. Mag buhat ngayon, ako ay kinakailang magtrabaho dito sa Hapon ng mga kulang kulang sampung (10) taon, upang makisalamuha ako sa mga mamamayang Hapon ay pumasok ako ng Japanese lesson linggo-linggo.

Li Liyan (galing Tsina at kasalukuyang nakatira sa Koriyama)

Noong Marso 2015 ay inumpisahan kong itayo ang Grupo ng Pakikipag ugnayan sa Kultura ng Tsina-Hapones(Koufuku). Ang mga nagsidalò ay may mga lahing Intsik na may kagustuhang matuto at makipag palitan ng impormasyon tungkol sa kultura ng Intsik at Hapon. Ito ay inilunsad upang maturuan ang mga kabataan ng sariling wika(Intsik), maturuan din ng yoga at mga Intsik na sayaw at upang mag karoon ng malawak na kaalaman sa isa't- isa bilang isang mamamayan. Ako mismo noong una kung dating dito sa Hapon at ng maranasan ko ang napakalakas na lindol, nag nais ako na sana ay may makatulong man lang sa akin, ngunit hindi ko alam kung saan ako dapat tumakbo at kung papaano ako manghihingi ng tulong. At dahil sa naranasan ko ang ganito napag isipan ko na gumawa ng paraan para doon sa mga taong nangangailangan ng tulong, lalong-lalo na sa mga dayuhan para mabawasan man lang ang hirap na dinaranas nila sa kanilang pakikibaka sa pamumuhay nila sa ibang bansa. Mula sa aking puso, gusto kung makatulong sa paglikha ng isang lupain na kung saan ang bawat mamamayan ay nagtutulugan sa isa't – isa upang mabuhay na puspos at may kabuluhan sa araw araw na pamumuhay.



Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Pinanggagalingan: Homepage ng Prepektura ng Fukushima <http://www.pref.fukushima.lg.jp/>

Sa homepage ng Prefektura ng Fukushima, ang mga Sukat ng Halaga ng Radyoaktibidad sa Kapaligiran sa lahat ng lugar sa loob ng Prefektura ng Fukushima ay nakatala (probinsiyang distrito).

Makakakuha po kayo ng makabagong kaalaman (update) sa homepage ng Pandaigdigang Asosasyon sa Fukushima (FIA) sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, Portuguese, Koreano.

Unit :mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
normal na halaga	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2015.11.20 9:00	0.20	0.11	0.08	0.06	0.04	0.09	0.07
Measurement device	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng halaga ng radyasyon sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradaran ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office. Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa paradaran ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

※Ang karaniwang halaga ng nabanggit na sukat ay galing sa resulta ng pagsisiyasat ng antas ng radyoaktibo noong taon ng 2009 (21 taon sa Heisei) sa loob ng Prefektura ng Fukushima.

※Ang MMP ay metatag na uri, ang MP naman ay panukat na apparatus.

Impormasyon buhat sa FIA

●Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

●Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon

●Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.

※Tuwing ika-apat atika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

Telepono: 024-524-1316 (pribado) E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org URL : <http://www.worldvillage.org>